Mga Umiiral at Planong Alituntunin
Sa Pagpapalaganap ng Pantay na Pagtrato sa Iba't Ibang Lahi

Organisasyon para sa Pamilihan ng Isda (FMO)

Ang Organisasyon para sa Pamilihan ng Isda (FMO) ay isang sariling-pagpopondo, at organisasyon na hindi para sa pagkakaroon ng kita na itinaguyod sa ilalim ng Ordinansa para sa Isdang Pandagat (Pamilihan), Cap. 291. Ang FMO ay nagbibigay serbisyo sa local na industriya ng pangingisda at sektor para sa pangangalakal ng mga isda, anuman ang kanilang lahi nang propesyunal at walang pagkikiling upang masiguro ang maayos at epektibong mangangalakal ng mga isdang pandagat upang mapanatili ang maaasahan at matatag na suplay ng mga isdang pandagat sa publiko at suportahan ang pag-unlad ng industriya ng local ng pangingisda.

Mga Kabilang na Serbisyo	• Kabilang sa mga serbisyong ipinagkakaloob sa mga tao ng iba't ibang lahi ay ang mga sumusunod: - Pagkakaloob ng mapagkakatiwalaan at sapat na suplay ng ligtas at de kalidad na isdang pandagat; - Pagkakaroon ng pantay at maayos na lugar ng pangangalakal para sa mga tagapangasiwa ng merkado; - Pag araro ng mga suplay mula sa operasyon ng merkado upang isulong ang pagpapaunlad ng local ng pangingisda.
Mga Umiiral na Alituntunin	• Kabilang sa mga umiiral na alituntunin sa pagpapalaganap ng pantay pantay na pagtingin sa iba't ibang lahi ay ang pagbibigay serbisyo para sa pagsasalin ng wika sa pagitan ng Chinese at Ingles and serbisyo para sa interpretasyon sa Chinese, Ingles at Mandarin sa mga nangangailangan. • Ang mga papel para aplikasyon para sa mga rehistradong

mamimili sa website ng FMO ay maaaring makuha sa Chinese (tradisyunal at pinasimple) at Ingles.

- Upang mapahusay ang komunikasyon sa mga tao mula sa iba't ibang lahi, Ang mga kawani ng merkado ay gagamit ng Serbisyo para sa Interpretasyon sa pamamagitan ng Telepono na ibinibigay ng Hong Kong Christian Service.

- Ang listahan ng mga alituntunin sa pagpapalaganap ng pantay pantay na pagtingin sa iba't ibang lahi para sa iba't ibang lengguhe ay maaaring makita sa opisina ng bawat merkado ng FMO.

- Ang FMO ay magsasaayos ng mga pagsasanay para sa mga kawani ng mercado upang madagdagan ang kanilang kaalaman sa pagiging sensitibo sa mga lahi at pg-intindi sa Ordinansa laban sa Diskriminasyon ng mga Lahi.

Pagtatasa ng mga Trabaho sa Hinaharap

- Ang FMO ay magpapatuloy sa pagbibigay liwanag sa mga pangangailangan ng mga tao ng iba't ibang lahi sa merkadong pangpakyawan para sa isda at maglalagay ng mga alituntunin kung saan nararapat upang masigurong ang mga serbisyo ay naibibigay ng tama sa mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang lahi.

- Ang makapagbigay ng pantay na oportunidad na makapagtrabaho sa lahat ng aplikante para sa mga trabaho ng FMO.

- Ang FMO ay mag oorganisa ng pagsasanay para sa mga kawani nito upang tumaas ang kanilang kaalaman tungkol sa pagiging sensitibo sa paksa ng lahi at pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa Ordinansa laban sa Diskriminasyon

	sa mga Lahi.
Karagdagang Alituntunin na Isinasagawa/ Kailangang Isagawa	• Ang mga alituntunin ay ipinapatupad upang masigurong ang mga serbisyong ibinibigay ng FMO ay may pantay pantay na pagtingin sa iba't ibang lahi. • Ang mga alituntunin ay karaniwang inaaral para sa tuloy tuloy na pagpapabuti at pagpapaunlad. • Ang mga pagpupuna mula sa mga taong may iba't ibang lahi at pangkat etniko/merkado ay itatala at aaralin ng pamunuan ng FMO at palagiang paghuhusayin ang mga serbisyo sa merkado na ibinibigay nila.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at planong alituntunin para sa pagpapalaganap ng pantay pantay na pagtingin sa iba't ibang lahi, mangyaring tawagan si Mr. Yuen Chi-kiu sa mga sumusunod na paraan:

Telepono	:	2807 0112
Fax	:	2552 3058
Email	:	ccob_afm@fmo.org.hk
Address	:	Aberdeen Wholesale Fish Market 102 Shek Pai Wan Road, Aberdeen, Hong Kong

Organisasyon ng Pagtitinda ng Gulay
Hulyo 2022